タガログ語

para sa mga may families with foreign roots

# Gabay ng special support school



# Talaan ng mga nilalaman


Mekanismo ng Special support school ............ 1

Mga uri ng Special support school ................. 1

Mga nilalaman ng pag-aaral ........................... 2

Mga katangian ng Special support school
at Special support class ................................ 2

Mga halimbawa ng suporta sa paaralan ........... 3

Ang nakitang development sa mga bata ......... 3

Mga comment mula sa mga magulang ............ 3

Q&A ................................................................ 4

Konsultasyon/Pagtatanong ............................ 6

# Mekanismo ng special support school

Mula sa Ibaraki Prefectural Board of Education "Everyone Together"
https://www.edu.pref.ibaraki.jp/board/gakkou/tokubetsushien/siryou/2022minnatotomoin.pdf

## Nagsasagawa kami ng special support education.

**Gabay sa bawat estudyante**

- Bukod sa pagbibigay ng edukasyon na naaayon sa kurikulum ng elementarya at junior high school, atbp., isasagawa ang mga aktibidad para maging independent upang mapagtagumpayan ang kahirapan sa pagaaral at sa pamumuhay.
- Mayroon kaming flexible na kurikulum(depende ito sa kapansanan).Magbibigay ng patnubay at suporta sa pagaaral at pagtuturo batay sa mga indibidwal na plano.

**Support sa pagpili ng future path**

- Para sa pamumuhay pagkagraduate sa high school, susuportahan na pumili ng kurso ayon sa iyong aktwal na sitwasyon, tulad ng pagtatrabaho sa isang kumpanya o paggamit ng mga welfare services.

**Highly specialized staff and extensive facilities**

- Ang mga gurong dalubhasa sa kaalaman ay magtuturo sa kaunting bilang ng klase at ito ay gagawin sa pasilidad na isinasaalang-alang ang mga may kapansanan.

## Mga uri ng Special support school

Ang mga paaralan ay hinati ayon sa uri ng may

| kapansanan sa paningin | may kapansanan sa pandinig | may kapansanan sa intelektwal | may kapansanan sa pisikal | mahina ang katawan |
|---|---|---|---|---|

Sa gabay na ito,
pangunahin ipakikilala ang mga paaralan para sa mga espesyal na pangangailangan na may mga kapansanan sa intelektwal, na marami sa loob ng prefecture.

# Mga nilalaman ng pag-aaral

## Tungkol sa Mga Espesyal na Paaralan ng Suporta para sa mga Kapansanan sa Intelektwal

Patnubay sa mga pangunahing gawi sa pamumuhay (pagpapalit ng damit, pagkain, pagto-toilet, paghuhugas ng kamay) at mga bagay na kailangan para sa pakikisalamuha (pagbati, pag-sasalita, pagtulong, pagsunod sa oras at mga tuntunin, atbp.) ay ituturo.

Pagaaralan ang experience ng pamumuhay ng may mga kapansanan sa intelektwal. Mag-aaral na naaayon sa panahon at mga pagaaral din sa aktibidad tulad ng picnic. Sa junior high school at high school, isasagawa ang pagaaral sa pag-tatrabaho upang matutunan ang pakikibagay sa mga katrabaho at mga skills.

Sa pamamagitan ng pangunahing pag-aaral tungkol sa mga wika, titik, at numero, ay nagkakaroon ng kakayahan ang mga mag-aaral na gamitin ang kanilang natutunan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Para malampasan ang mga paghihirap na dulot ng mga kapansanan ng mga indibidwal na bata,may tinatawag na mga independent activities. Ang mga indibidwal na gawain sa pag-aaral ay pagpapanatili ng kalusugan, sikolohikal na katatagan, pagbuo ng mga relasyon ng tao, pagsasanay sa kapaligiran, pisikal na paggalaw, at komunikasyon.

Sa senior highschool,para makapili ng career path pagkatapos ng graduation, isasagawa ang praktikal na pagsasanay sa paaralan at on-site training. Sa on-site training, pupunta sa mga kumpanya at mga pasilidad ng welfare, at maeexperience ang pagta-trabaho.

すばらしい!!

## Mga katangian ng Special support school at Special support class

Kung ikukumpara sa mga regular na klase sa mga public sa elementary at junior high school, ang bilang ng mga mag-aaral sa bawat klase na may espesyal na pangangailangan ay kakaunti lamang. Susuportahan namin na dagdagan ang magagawa ayon sa katangian at kondisyon ng may kapansanan. Bilang karagdagan, kapag nag move up ang grade o pag nasa next stage education iuugnay naming mabuti sa kinauukulan ang mga plano sa pagaaral at pagtuturo.

## Mga halimbawa ng suporta sa paaralan




Sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga guhit at photo card na madaling maunawaan nang hindi umaasa lamang sa sinasalitang wika, hinihikayat namin ang pag-unawa. Hindi lamang namin sasabihin sa iyo nang eksakto kung ano ang hindi mo dapat gawin, kundi pati na rin kung paano ka dapat kumilos. Kung mahirap intindihin gamit ang Japanese lamang, maaari nating ipakita ito sa wikang naiintindihan ng bata.



Ito ay isang procedure chart na magagamit ng day duty team kapag nagsasagawa ng mga meeting sa umaga at meeting bago umuwi. Ito ay ipinapakita sa mga drawing at hiragana. Kapag alam na kung ano ang gagawin at kung ano ang sasabihin, maaari mong pangunahan ang pagsasalita kaharap ang lahat.



Tuturuan ka ng guro kung paano ayusin ang iyong mga gamit pagkatapos ng pagaaral at paghahanda para sa paguwi sa bahay, Gagamit ng isang chart ng pamamaraan sa pagaayus. mas maganda kung maaayos mo sya magisa.Kapag nagawa mo na, idikit ang mga sticker sa upang malaman mo kung ano ang susunod mong gagawin. Mararamdaman mo ang achievement pag naidikit mo ang lahat ng sticker.

確認しました

## Ang nakitang development sa mga bata

Noong ako ay nasa nursery school, gusto kong ipagpatuloy ang paglalaro ng aking mga paboritong laruan, kaya hindi ko maitabi ang mga ito kahit na oras na para sa meeting sa umaga, at kung minsan ay nanggagalaiti ako. Noong makapasok sa special support school, unti-unti kong natutupad ang aking mga pangako sa aking mga guro, Nagiging excited na ako sa aking mga paboritong laruan at aktibidad,at nakikilahok na din sa mga meeting sa umaga. Excited na din akong kumustahin, tawagin ang mga pangalan ng aking mga kaibigan, at makipaglaro sa aking mga guro.


silid-aralan sa elementarya

がんばったね!

Mga komento mula sa isang guro sa special support school tungkol sa kung paano ang isang bata ay nasa nursery school at pagkatapos pumasok sa elementarya sa special support school

## Mga comment mula sa mga magulang

Lumipat ang aking anak sa special support school sa elementarya. Nagulat ako nang makita na kasali sya sa stage play sa school festival. Hindi ko pa siya nakitang sumali sa isang event kasama ang mga kaibigan niya. Tuwang-tuwa akong makita sya na sumasayaw kasama ang mga kaibigan at guro sa stage.

Good!!

# Q & A

## Q Maaari ba akong bumisita sa paaralan bago mag-enroll?

**A** Kung ikaw ay isang magulang, mangyaring sabihin sa nursery school, kindergarten, elementarya at junior high school kung saan naka-enroll ang iyong anak ,na gusto mong bisitahin ang special support school. Ang mga guro sa mga pampublikong kindergarten at mga paaralan ay dapat makipag-ugnayan sa lupon ng edukasyon ng lungsod, at ang mga guro sa mga pribadong kindergarten ay dapat makipag-ugnayan nang direkta sa special support school.
Tungkol sa bagong mag-aaral, isinasagawa namin ang pagpasok sa paaralan batay sa karanasan. Mangyaring mag-apply sa pamamagitan ng iyong lokal na board of education.

## Q Kung isinasaalang-alang ko ang paglipat sa special support school, papaano ang pag-take ng developmental test at enrollment procedure?

**A** Mangyaring suriin sa lupon ng edukasyon ng munisipalidad kung saan ka nakatira tungkol sa mga pamamaraan ng pag-eenrol. Sa kaso ng special support school para sa mga kapansanan sa intelektwal, kukumpirmahin namin sa oras ng konsultasyon sa edukasyon kung mayroong kapansanan sa intelektwal na kinakailangan para sa pagpasok. (1) Na-diagnose na may kapansanan sa intelektwal ng isang doktor; (2) Na-diagnose na may kapansanan sa intelektwal sa isang sentro ng konsultasyon ng bata at nakakuha ng certificate of rehabilitation; (3) Dapat mong matugunan ang isa sa mga sumusunod na kondisyon.

## Q Paano ang transportation sa special support school?

**A** May mga school bus ang ilang special support school. Mangyaring magtanong sa special support school sa iyong distrito ng paaralan. Susunduin at ihahatid ng mga magulang ang kanilang mga anak sa hintuan ng bus at ibibigay sila sa konduktor ng bus. Ang mga bus ay umaalis sa oras, kaya kung ang iyong anak ay mahuli, ang mga magulang ay kailangang ihatid o sunduin sila mula sa paaralan. Bilang karagdagan, depende sa sitwasyon ng bata, ang bata ay maaaring kunin at ihatid ng isang tagapag-alaga o mag-commute papunta sa paaralan (self-commuting).

## Q Paano mo ginugugol ang iyong oras pagkatapos ng klase?

**A** Umuwi ang ilang mag-aaral gamit ang school bus, at ang ilang mag-aaral ay gumagamit ng day service. Para sa mga day service pagkatapos ng klase, mangyaring magtanong sa municipal welfare division ng iyong lugar na tinitirhan.

## Q Pareho ba ang curriculum sa pampublikong elementarya at junior high school?

**A** Sa mga paaralan para sa special support school na may mga kapansanan sa intelektwal, iba ang kurikulum sa pampublikong elementarya at junior high school. Batay sa kurso ng pag-aaral para sa special support school, nag-aayos kami ng isang kurikulum ayon sa mga katangian ng mga kapansanan sa intelektwal, atbp., at nagbibigay ng patnubay at suporta batay sa mga indibidwal na plano sa pagtuturo.

## Q Kailan dapat pumasok sa special support school?

**A** Enrolment mula sa unang taon ng elementarya, karaniwan ay sa april kung kailan magsisimula ang semester.Bago lumipat sa special support school ay dapat paghandaan ito.Kailangang maunawaan ang pagtuturo at pagsusuporta ng special support school at pagkatapos ay mag inquire at enroll. Kung pinag-iisipan mong lumipat, magtanong sa iyong elementarya o junior high school o sa municipal board of education.

## Q Posible bang lumipat mula sa special support school sa karaninwang elementarya o junior high school?

**A** Depende sa kapansanan ng bata, atbp., posibleng lumipat sa elementarya o junior high school. Kung ganoon, kailangan mong lumipat sa April. Mahalaga rin na magplano ng mga pagbisita at hands-on na pag-aaral sa elementarya at junior high school kung saan ka lilipat.

## Q Kung ako ay nagtapos mula sa special support high school, ito ba ay maituturing na isang pagtatapos sa karaniwang high school?

**A** Ang pagtatapos mula sa special support high school, hindi itinuturing na isang pagtatapos mula sa karaniwang high school.

## Q Mayroon bang anumang mga suporta ang mga bata na may lahi o connection at sa kanilang mga tagapag-alaga sa mga special support school?

**A** kung kinakailangan, ang ilang mga paaralan ay gumagamit ng mga app na nagta-translate para sa pang-araw-araw na pakikipag-usap sa bata, mga dispatch interpreter para sa mga kumperensya ng magulang-guro, atbp. Sama-sama nating pag-iisipan kung paano haharapin ng paaralan ang mga pagkakaiba sa kultura at wika. Una sa lahat, mangyaring sumangguni sa special support school kung saan ka papasok (pinaplano pumasok).

## Konsultasyon/Pagtatanong

### Awtorisadong NPO Corporation Ibaraki NPO Center Commons

Ang Commons ay hindi isang propesyonal na serbisyo sa pagpapayo sa development ng bata, ngunit magagamit sa Ingles, Portuges, Tagalog at Urdu. Kung may konsultasyon, makakatulong kami kasama ang mga kinauukulan.


| | |
|---|---|
| Tel.no | 0297-44-4281 |
| Address | 3571-1 Mitsukaido Hashimoto cho,Joso shi,Ibaraki |
| E-mail | global@npocommons.org |
| Website | https://www.commons-globalcenter.org/ |


For Families with Foreign Roots

# Special Support School Guide


Published March 2023

Editorial/Published
Certified NPO Ibaraki NPO Centre Commons

Cooperation
Compulsory Education Division and Special Support Education Division of School Education Department, Ibaraki Prefectural Office of Education and Ibaraki Prefectural Ina Special Support School

Design & DTP
Tomoko Shinozaki

This booklet was prepared as part of the Global Support Project commissioned by the Ibaraki Prefectural Board of Education.